



AMIGOS



Impormasyon para sa Buwan ng December

(タガログ語) 12月号

2がっきのまとめをしましょう Mag-review ng mga Pinag-aralan sa 2nd Semester

Ang 2nd semester ay matatapos sa December 23. I-review ng mgabuti ang mga pinag-aralan.

Pangunahing Pakiusap na I-review

Grade 1 : Addition with carry numbers at Subtraction with barrow numbers.

Grade 2 : Multiplication (Sanayin na ma-memorize ang recitation sa Multiplication Table)

Grade 3 pataas : Mag-review ng mga calculation lalo na sa mga bata na hirap sa Math

かぜをひかないように Para hindi Magkasakit

Mag-ingat na hindi mag-kasakit o magka- influenza sa pamamagitan ng tiyak na paghuhugas ng kamay at pag mumumog pag dating sa bahay. At mag-lagay sa bag ng pang-reserbang mask (1pc). At sa ngayong malamig na panahon ay maraming napupulot sa school na mga jacket at gloves na walang pangalan. Siguraduhin po na sulatan ng pangalan ang lahat ng gamit ng anak.

ぼうかんようぐ (学校のきまり) Rule ng Paaralan tungkol sa mga Gamit Pang-Lamig

Cairo... Maaaring magdala ngunit hindi maaaring ilabas para hawak-hawakan o laruin habang oras ng klase.

Gloves, Scarf at Neck warmer... Maaaring gamit sa paglalakad sa pag pasok at uwian lamang.

Jacket... Huhubarin pagdating sa paaralan.

Sa oras ng klase sa P.E... (Pantaas) short o long sleeve na P.E uniform, jersey o trainer na ipampapatong sa uniform.
(Pambaba) Navy blue na short pants o long pants na jersey.

Paalala sa mga panlamig na isusot kung sobrang lamig ng panahon.

- Huwag magsuot ng may hood at may mga tali.
- Huwag magsuot ng down jacket o makakapal na jacket na mahihirapang maka galaw.

こじんかい 個人こんだん会のお知らせ Tungkol sa Individual Meeting ng Magulang at Teacher

Ang mga magulang na kailangan ng interpreter ay naka-schedule sa araw na nasa school ang Tagalog Consultant.

Tingnan po ninyo sa papel ang schedule ng inyong meeting at pumunta po kayo sa petsa at araw ng inyong schedule.

(LUGAR :Kokusai room o sa Classroom)

At para naman sa mga hindi kailangan ng interpreter ay ang inyong meeting ay gagawin alinman sa Dec. 7~9. At para sa mga bata na tinuturuan sa kokusai room ay magkakaroon po kayo ng meeting sa kokusai teacher pagtapos ng inyong meeting sa class teacher ng inyong anak.

※ Hindi po maaaring ipaiwan sa school ang inyong anak sa araw ng inyong meeting. Magsuot po kayo ng panlamig dahil sa napaka lamig po sa hallway ng school. Salamat po.

